



Zebra Child & Youth Advocacy Center
Gabay para sa mga tagapag-alaga

gabay para sa mga tagapag-alaga

Maligayang pagdating sa Zebra Child & Youth Advocacy Center. Ang pagpunta ninyo dito ngayon ay isang hakbang sa daan patungo sa pagpapanumbalik ng pag-asa at seguridad. Narito kami upang matiyak na ang pinakamahusay na interes ng iyong anak ay mananatiling pangunahing prioridad ng lahat.

Mahahalagang impormasyon at mga numero ng telepono

Ang pahinang ito ay naglalaman ng mga pangalan ng iyong mga maaaring makontak na handang magbigay ng lakas at kumpidensyal na sagutin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka. Ang aming mga oras ng operasyon ay Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

Upang makipag-ugnayan sa Zebra Child & Youth Advocacy Center:

Telepono: 780.421.2359

Email:

info@zebracentre.ca

zebracentre.ca

Para sa mga katanungan tungkol sa mga programa ng suporta na angkop para sa iyo at sa iyong anak:

Ang aming mga tagapagtaguyod ng mga bata ay masaya na tulungan ka. Maaari mong tawagan ang mga ito sa 780.421.2359

Para sa mga tanong tungkol sa iyong imbestigasyon:

Ang imbestigador na itinalaga sa kaso ng iyong anak ay : _____

Ang numero ng iyong police pile file ay: _____

isang lugar kung saan mga bata ay maaaring magsabi

Ang bawat bata ay may kuwento.
Tungkulin namin sa Zebra Child &
Youth Advocacy Center na makinig.

Noong 2002, itinatag kami dahil sa pangangailangan na lumikha ng isang ligtas na lugar kung saan maaaring magsabi ang mga bata. Ngayon, ang aming pangkat na kinabibilangan multidisciplinary team ay nagtatrabaho patungo sa mga karaniwang layunin ng pagsuporta sa mga bata at kabataan na nagdusa ng pang-aabuso at paglikha ng isang kinabukasan kung saan naririnig ang bawat bata.



nandito kaming lahat **para tumulong**

Kapag lumilitaw ang panganib, ang mga zebra ay bumubuo ng isang proteksiyon na bilog sa paligid ng kanilang mga anak. Ang aming multidisciplinary team ay nagtatrabaho upang protektahan ang mga bata sa parehong paraan.

Gamit ang kolektibong karunungan ng aming multidisciplinary team, nagbibigay kami ng lakas sa mga bata na dumarating sa aming tanggapan upang ibahagi ang kanilang mga kuwento. Sa buong proseso ng pagsisiwalat, pagsisiyasat, pangiimbestiga, at pagpapagaling, ang aming numero unong prayoridad ay palaging ang pinakamahusay na kapakanan, seguridad, at ginhawa ng iyong anak. Sa panahon ng iyong pagbisita sa Zebra Child & Youth Advocacy Center, maaari mong makilala ang mga indibidwal mula sa mga sumusunod na organisasyon:

- Kawani at mga nagboboluntaryo sa Zebra Centre
- Seksyon sa Serbisyo Edmonton Police na Promoprotekta sa mga bata
- Mga Pangkat ng Pagtugon sa Bata na nasa Panganib (The Child at Risk Response Teams (CARRT))
- Mga Serbisyo sa Bata at Pamilya ng Rehiyon ng Edmonton
- Royal Canadian Mounted Police
- Mga Serbisyo sa Pag-uusig sa Alberta Crown
- Off-site na mga propesyonal sa medikal at mental na kalusugan



nakapaligid sa iyong anak na may suporta

Ang pagpunta sa Zebra Child & Youth Advocacy Center ay ang iyong unang hakbang patungo sa pagpapanumbalik ng pag-asa at seguridad.

Kami ay nakatuon na paligiran ka ng suporta at sa pagtataguyod para sa pinakamahusay na kapakanan ng iyong anak. Kinikilala namin na walang dalawang bata ang magkapareho at bawat kaso ay karapat-dapat sa isang natatanging at nababagay na diskarte. Iyon ang dahilan kung bakit nakikipagtulungan kami sa aming mga kasosyo upang bumuo ng isang plano na maaaring isama ang mga sumusunod na serbisyo ng suporta:

Napakahalagang Programa ng Paws – Gumagamit kami ng tatlong aso sa pasilidad na maaaring makatulong upang magbigay ng ginhawa at suporta sa iyong anak sa loob ng aming Center at sa Edmonton Law Courts.

Trauma Referral Program – Isasangguni namin ang iyong anak sa iba't ibang mga propesyonal sa pagpapayo at suporta sa trauma sa komunidad.

Programang sa Paghahanda ng Korte - Kung ang kaso ng iyong anak ay magpapatuloy sa korte, anyayahan namin ang iyong anak na makilahok sa paghahanda ng korte – isang mahalagang hakbang sa pagtugon sa anumang mga alamat o takot na maaaring mayroon sila patungkol sa proseso ng hudikatura.

Pagsama sa Korte – Magbibigay kami ng suporta para sa iyo at sa iyong anak sa loob ng sistema ng hustisyang kriminal at magbibigay ng access sa mga pasilidad na madaling gamitin ng bata sa Edmonton Law Courts kung ang iyong anak ay kinakailangang tumestigo.

ang paggaling ng iyong anak

Ang isa sa mga pinakamahasag na bagay na maaari mong gawin para sa iyong anak ay iparamdam na mahal mo sila, na naniniwala ka sa kanila, at ipinagmamalaki mo sila sa pagbabahagi ng kanilang kuwento. At higit sa lahat, kailangan nilang malaman na wala silang ginawang masama.

Ang pag-unawa sa mga damdamin at pag-uugali ng iyong anak ay isang mahalagang hakbang patungo sa paggabay sa kanila sa proseso ng pagpapagaling. Walang nakakakilala sa iyong anak ng mas mahusay kaysa sa iyo, ngunit ang mga sumusunod ay ilang mga pag-uugali na maaaring nararanasan ng iyong anak:

- Mga pag-uugali na pabalik-balik (mga aksidente sa pagbanyo pagkatapos ng pagsasanay sa pagbanyo, pagsipsip ng hinlalaki, pagbawi ng isang stuffed animal bilang isang mas matandang bata)
- Mga problema sa pagtulog (ang mga bata ay madalas na may takot bago matulog, lalo na kung ang pang-aabuso ay nangyari sa kanilang mga silid-tulugan)
- Mababang pagpapahalaga sa sarili
- Pag-iingat sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa mga matatanda
- Pagkabalisa sa paghihiwalay kapag nawawalay sa mga pangunahing tagapag-alaga
- Matinding pag-uugali tulad ng pagiging agresibo o pagiging mapag-isa.
- Pagbabalik tanaw o ang trauma na nakikita bilang paulit-ulit na laro sa mga batang mas murang edad
- Mga bangungot na may katulad na tema (mga halimaw, nakakatakot na tao, atbp.)
- Ang pagkabalisa ay madalas na iniulat bilang pananakit ng tiyan, o pananakit ng ulo
- Kawalan ng kakayahan na makisama sa mga batang katulad niya ng edad
- Paghihiwalay (mukhang problema sa atensyon para sa mga bata o pagkatulala)
- Mga sekswal na pag-uugali na dulot ng pagbibigay ng katuturan ng bata sa nararanasan nila

- Pangkalahatang pagkabalisa (ang bata ay maaaring matakot sa isang bagay ngunit maaari itong maginf pangkalahatan sa maraming bagay)
- Pagtakas o sadyang pagliban sa paaralan dahil sa pagkabalisa o naranasang pang-aapi
- Pagkagambala ng gana sa pagkain (ang bata ay nagsisimula sa kumain ng sobra o kaunti upang makayanan ang labis na damdamin)
- Mga pag-uugali na nakakapinsala sa sarili (pag-untog ng ulo, paghugot ng mga langib, pagputol)
- Pagsusuot ng damit na hindi angkop para sa panahon (mainit na damit sa tag-init)

Walang dalawang bata ang nakakaranas ng trauma na magkatulad. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin kung nais mong talakayin ang anumang pag-uugali na nakababahala sa iyo.

Impormasyon na ibinigay ng Sexual Assault Centre of Edmonton (SACE).

ang paggaling mo

Importante ang papel mong gagampanan sa paggaling ng iyong anak, pero huwag mong kalimutan suriin ang iyong sariling kapakanan.

Ang pang-aabuso ay maaaring makaapekto sa buong sistema ng suporta para sa mga bata at mayroon kaming mga angkop na network upang matiyak na ang lahat ay mabibigyan ng access sa suporta. Kung kailangan mo ng tulong, maaari ka naming isangguni sa mga serbisyo sa pagpapayo sa komunidad na makakatugon sa iyong mga natatanging pangangailangan.



lahat ng uri ng mga katanungan

lahat ng uri ng mga kasagutan

Anumang mga katanungan na mayroon ka, gagawin namin ang aming makakaya para masagot ang mga ito.

- Ano ang dapat kong sabihin sa aking anak?
- Paano ako mananatiling matatag para sa aking anak?
- Maaari ko bang kausapin ang aking anak tungkol sa nangyari?
- Dapat ko bang asahan ang mga pagbabago sa pag-uugali ng aking anak?
- Kailangan ba ng aking anak/pamilya na magsanggunu isang tagapayo?
- Mayroon bang tulong pinansyal na magagamit upang matulungan ang aking anak?
- Ano ang dapat kong sabihin sa iba kong mga anak?
- Ano ang dapat kong sabihin sa iba pang mga miyembro ng aking pamilya?
- Dapat ko bang sabihin sa paaralan ng aking anak?
- Ano ang layunin ng pagrerekord ng forensic interview ng aking anak at saan gagamitin ang recording na ito?
- Gaano katagal ang imbestigasyon?
- Gaano katagal ang proseso ng korte?
- Kailangan bang magtestigo ang anak ko sa korte?



susunod na mga hakbang

Kasunod ng iyong unang pagbisita sa Zebra Child & Youth Advocacy Center, magsisimula kaming bumuo ng ng angkop na plano sa pangangalaga ng iyong anak.

Bilang karagdagan sa aming mga programa sa suporta, mangyaring maglaan ng oras upang isaalang-alang kung nais mo ng tulong sa mga sumusunod na serbisyo:

- Maaari kaming mag-iskedyul ng mga regular na tawag sa pangangalaga upang magbigay ng suporta, pangkalahatang mga update sa katayuan ng iyong kaso at matiyak na ang iyong mga katanungan ay nasagot.
- Maaari naming tulungan ka sa pag-iskedyul ng transportasyon papunta at mula sa iyong mga appointment sa Zebra Child & Youth Advocacy Centre o mga petsa ng korte.
- Matutulungan ka namin sa paghiling para sa tulong pinansyal para sa iyong anak sa pamamagitan ng Financial Benefits for Victims of Crime Program.
- Maaari ka naming tulungan sa pagbalangkas at pag-file ng iyong mga Pahayag sa Victim Impact Statements.

Kung may mga karagdagang serbisyo na sa palagay **mo** ay matutulungan ka **namin**, mangyaring huwag mag-aatubiling makipag-ugnayan sa amin.



Jasper Avenue Edmonton, AB,
T5J 3L9
780-421-2385
info@zebracentre.ca

zebracentre.ca

#kidscantell

